

**Lungsod ng Vancouver**  
**Pahayagan ng Impormasyon**  
**Hulyo 19, 2022**

## **Ang bagong eligible na mga botante sa Vancouver ay hinihikayat na magrehistro hanggang sa Agosto 15**

Hinihikayat ng Vancouver Election Office ang lahat ng mga eligible na botante na magrehistro hanggang sa Lunes, Agosto 15, upang maisali sila sa listahan ng mga botante.

### **Bakit kailangan magrehistro upang bumoto**

Sa kasalukuyan ay humigit-kumulang sa 450,000 botante ang rehistradong bumoto sa eleksyon sa Vancouver sa darating na Oktubre. Ang lahat ng mga rehistradong botante ay makakatanggap ng isang voter information card na magagamit nila upang mas mabilis silang maproseso sa lugar ng botohan.

Ang 2018 Vancouver Election ay nagkaroon ng 39 per cent voter turnout, o kaya 176,450 botante – ito'y mas mataas kaysa sa historic average na 36 per cent. Ang mga rehistradong bumoto nang maaga sa eleksyon ay mas malamang na boboto dahil tatanggap sila ng isang voter information card.

### **Paano sumali sa listahan ng mga botante**

Ginagamit ng Lungsod ang listahan ng mga botanteng ibinigay ng Elections BC. Upang magrehistro nang maaga nang makapasok sa listahan ng mga botante, mangyaring punan ang isang form sa [elections.bc.ca](https://elections.bc.ca) o kaya'y tumawag sa Elections BC sa 1-800-661-8683.

Ang mga bumoto dati sa huling provincial election ay awtomatikong isasali sa listahan ng mga botante ng Vancouver at hindi nila kailangang magrehistro muli. Mainam kung titingnan ng Vancouver residents kung sila'y rehistrado na sa pamamagitan ng pagpunta sa [vancouver.ca/vote](https://vancouver.ca/vote).

Maaari ring i-update ng mga rehistradong botante ang kanilang pangalan o kaya address, o maaari nilang irequest na magtanggap ng mga pangalan mula sa listahan ng mga botante (halimbawa, kung ang isang botante ay lumipat, namatay, o mas gusto ng isang botante na hindi siya isali sa listahan ng mga botante) hanggang sa Lunes, Agosto 15, 2022 sa pamamagitan ng pagkontak sa Elections BC. Kapag hindi nirehistro o hindi inupdate ng mga botante ang kanilang impormasyon hanggang sa petsang ito, maaari pa rin nila ito gawin kapag sila'y bumoto sa fall.

### **Eligibility upang bumoto**

Dapat matupad ng mga eligible na botante sa Vancouver ang lahat ng mga sumusunod na kwalipikasyon:

- Dapat 18-táong-gulang o mas matanda pagdating ng araw ng eleksyon (Oktubre 15, 2022);
- Dapat isang Canadian citizen
- Dapat naninirahan sa B.C. nang hindi bababa sa anim na buwan bago ng araw na ikaw ay nagrehistro
- Dapat nakatira sa Vancouver (walang minimum days na kinakailangan)
- Dapat hindi disqualified ng batas na bumoto

### **Tungkol sa Vancouver Election**

Sa Sabado, Oktubre 15, ang mga botante sa Vancouver ay boboto para sa isang mayor, 10 councillors, pitong Park Board commissioners, at siyam na school trustees. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa eleksyon, bisitahin ang [vancouver.ca/vote](http://vancouver.ca/vote).

-30-

### **Contact ng Media:**

Civic Engagement and Communications

[media@vancouver.ca](mailto:media@vancouver.ca)